Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV- A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

Advisory No. 198, s. 2025
July 21, 2025
In compliance with Deped Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of Deped officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

## PALIHAN SA KAGURUAN KABALAYBAY III: DALMUAT SA WIKA, PANITIKAN, AT ARALING PANLIPUNAN

The Department of Education Region IV-A, through the Curriculum and Learning Management Division, hereby informs all concerned that the Batangas State University, in partnership with the National Commission for Culture and the Arts (NCCA), will conduct a workshop entitled **"Kaguruan Kabalaybay III: Reflections on Language, Literature, and Cultural Studies"** from **August 27, 2025 to September 29, 2025**, every **8:00 AM to 4:00 PM**, via **Zoom**.

This workshop aims to clarify and deepen understanding of language, literature, and cultural studies as part of the continuing professional development of Filipino and Social Studies teachers from both public and private institutions at the elementary, secondary, and tertiary levels. It also seeks to support the development of instructional materials for the Filipino subject.

All teachers and relevant personnel are invited to participate and register through the following link: https://bit.ly/KaguruanKababaybayIII.

For further information, you may contact the Center for Language and Culture via email at sentrongwikaatkultura.central@batsate-u.edu.ph or call **(043) 779-8040 local 1847**.

Participation of teachers from public and private schools shall be purely voluntary and will not hamper instructional time in compliance with the provisions of Deped Order No 12, s. 2025 -Multi Year Implementing Guidelines on the School Calendar and Activities and DO 9, s. 2025 – Instituting Measures to Increase Engaged Time -on -Task and Ensuring Compliance Therewith and the policy on off campus activities stated in DO 66, s. 201.

Attached here is the official communication for other details.

Dissemination of this advisory is desired.

SGOD-palihan sa kaguruan kabalaybay iii: dalmuat sa wika, panitikan, at araling panlipunan
REC127AN-005538/July 21, 2025

**Address:** Brgy. Potol, Tayabas City
**Telephone No.:** (042) 785-9615
**Email Address:** tayabas.city@deped.gov.ph
**Website:** https://www.sdotayabascity.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
115203
By: GRACE Date: 7-16-2025

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON

CLMD-RA-2025-125

**Hulyo 16, 2025**

Alinsunod sa DepEd Order (DO) blg. 8, s. 2013,
ang patalastas na ito ay inilabas hindi para mag-endorso ayon sa DO blg. 28, s. 2002,
kundi upang magpabatid ng impormasyon sa mga kawani ng Kagawaran gayundin
sa kinauukulang publiko.
(bisitahin depedcalabarzon.ph)

# PALIHAN SA "KAGURUAN KABALAYBAY III: DALMUAT SA WIKA, PANITIKAN, AT ARALING PANLIPUNAN

Ipinababatid ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto (Curriculum and Learning Management Division), na ang Pambansang Pamantasan ng Batangas katuwang ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (National Commission for Culture and the Arts) ay magsasagawa ng "Kaguruan Kababaybay III: Dalumat sa Wika, Panitikan, at Araling Pangkalinangan" mula Agosto 27, 2025 hanggang Setyembre 29, 2025 tuwing ika-8 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon na gaganapin sa pamamagitan ng Zoom.

Layunin ng palihang ito na magbigay-linaw at magpalawak ng kaalaman ukol sa wika, panitikan, at araling pangkultura bilang bahagi ng pagsasanay ng mga guro sa Filipino at Araling Panlipunan mula sa pribado at pampublikong antas ng elementarya, sekondarya, at kolehiyo. Ito rin ay magbibigay-suporta sa pagpapaunlad ng mga kagamitang panturo para sa asignaturang Filipino.

Inaanyayahan ang lahat ng guro at mga kaugnay na kawani na lumahok at magparehistro sa pamamagitan ng sumusunod na link: https://bit.ly/KaguruanKababaybayIII.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sentro ng Wika at Kultura sa pamamagitan ng email na sentroningwikaatkultura.central@batsate-u.edu.ph o tumawag sa mga numerong (043) 779-8040 lokal 1847.

*02/ROC2*

Republic of the Philippines
**BATANGAS STATE UNIVERSITY**
The National Engineering University
Rizal Avenue Ext., Batangas City, Batangas, Philippines 4200
Tel Nos.: (+63 43) 779-8400 loc. 1347 / 1822
E-mail Address: president@g.batstate-u.edu.ph | Website Address: http://www.batstate-u.edu.ph

**Office of the University President**

Hunyo 16, 2025

**ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO II**
Pang-rehiyong Direktor
*Department of Education – Region IV-A*

Atty. Escobarte:

Pagbati!

Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Wikang Pambansa, ang Pambansang Pamantasan ng Batangas – ang Pambansang Pamantasan sa Inhinyeriya, katuwang ang *National Commission for Culture and the Arts* ay nagnanais na makapaglunsad ng isang palihan na naglalayong mabigyan ang mga guro ng pagkakataon na magkaroon ng paghirp sa mga kaalamang pangwika, pampanitikan at araling pangkultura sa tulong ng mga mahuhusay na tagapanayam at pag-oorganisa ng makabuluhang serye na palihan. Ang palihang ito ay pinamagatang **"Kaguruan Kabalaybay III: Dalumat sa Wika, Panitikan, at Araling Pangkultura"**. Ito ay gaganapin mula Agosto 27, 2025 hanggang Agosto 29, 2025, sa ganap na ika-8 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon sa pamamagitan ng *Zoom conference*.

Kaugnay nito, nais naming humiling mula sa inyong butihin at kagalang- galang na tanggapan na i-endorso ang aming imbitasyon sa mga paaralang nasasakupan ng inyong pamumuno. Ito ay maasahang lalahukan ng mga lupon ng **kaguruan sa Filipino at Agham Panlipunan mula sa pribado at pampublikong antas ng elementarya, sekondarya at kolehiyo**. Ang seryeng ito ay naglalayong maisa-isa ang mga konsiderasyon at masipat ang mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo ng wika sa tulong ng mga makabagong aplikasyon, madalumat ang mga araling pangkultura sa pagtanaw sa kasaysayan at makabuo ng mga suplementaryong kagamitan at gawaing pangkalinangan sa pagtuturo ng Filipino.

Karagdagan dito, aming hinihiling na masagutan ng mga nais makilahok ang nakalagay na *google form* para makapagpa-rehistro sa palihan: *https://bit.ly/KaguruanKabalaybayIII*

Kalakip ng liham na ito ay ang daloy ng programa ng isasagawang palihan. Ang ano mang katanungan kaugnay ng nasabing aktibidad ay maaaring idulog sa opisina ng Sentro ng Wika at Kultura sa pamamagitan ng pagsulat ng liham sa aming sulatroniko, sentrongwikaatkultura.central@g.batstate-u.edu.ph o maaaring tumawag sa aming telepono na may numerong (043) 779-8400 lokal 1847.

Inaasahan namin ang inyong positibong pagtugon at malugod na suporta para sa matagumpay na pagdiriwang ng aktibidad na ito. Maraming salamat po!

Lubos na sumasainyo,

**Dr. TIRSO A. RONQUILLO**
Pangulo ng Pamantasan